



Ang Pagkatuklas ng Tao sa Mundo

Noong unang panahon, wala pang tao sa mundo. Mga halaman at hayop lamang ang naroon. Mayroon ding ilog, dagat, at iba pang anyo ng tubig. Ang mga tao ay naninirahan sa kalangitan.

Sa kalangitan, may isang mangangaso na napakagaling humawak ng pana at maghagis ng sibat. Simbilis siya ng kidlat kung kumilos. Siya ay si Ukunirot. Pero kahit masaya ang buhay ay tila hindi siya maligaya.

Isang araw, namasyal siya. May nakita siyang malaking bato na nakaharang sa kaniyang daraanan.

“Naku! Sino ba ang naglagay nito dito? Subukan ko nang alisin!”

Ginamit niya ang kaniyang sibat sa pagtanggali ng malaking bato. Pero habang itinutulak niya ang bato ay parang lumulubog naman ito. Hindi nabahala si Ukunirot.

“May butas yata sa ilalim ng bato,” sabi





niya sa sarili.” Kinuha niya ang kaniyang pana at hinukay ang lupa sa gilid ng bato. Natagalan siya dahil kaunti lang ang nahuhukay niyang lupa sa liit ng pana niya. Sa patuloy na paghuhukay ay biglang nahulog ang bato. Nabutas ang langit. Laking gulat ni Ukunirot nang makita kung ano ang nasa ilalim ng butas.

“Hindi ko alam na napakaganda pala ng nasa ilalim ng kalangitan! Kailangang malaman ito ng aking mga kababayan.”

Patakpong pumunta si Ukunirot sa kanila.

“Mga kababayan, halikayo! Halikayo! Tingnan ninyo ang nakita ko!”

Agad na sumunod ang mga kababayan ni Ukunirot sa kaniya. Laking gulat nila nang makita ang mundo at ang mga berdeng halamang tumutubo rito. Naakit sila sa ganda nito. Pinagkaisahan nila na bumaba doon. Halos lahat sa kanila ay bumaba maliban sa isang matandang babae na sadyang nagpaiwan.

Magmula noon, nagkaroon na ng mga tao sa mundo. Inalagaan nila ang mga hayop at halaman. Ang matandang babaeng nagpaiwan ay naging tagailaw ng langit. At ang buwan ay ang butas na naging daan upang matuklasan ng mga tao ang mundo.

